

The Project Gutenberg eBook of Ang mga Anak Dalita, by Patricio Mariano

This ebook is for the use of anyone anywhere in the United States and most other parts of the world at no cost and with almost no restrictions whatsoever. You may copy it, give it away or re-use it under the terms of the Project Gutenberg License included with this ebook or online at www.gutenberg.org. If you are not located in the United States, you'll have to check the laws of the country where you are located before using this eBook.

Title: Ang mga Anak Dalita

Author: Patricio Mariano

Release date: July 22, 2006 [EBook #18888]

Language: Tagalog

Credits: Produced by Tamiko I. Camacho, Pilar Somoza, and the Online Distributed Proofreading Team at <http://www.pgdp.net> Handog ng Proyektong Gutenberg ng Pilipinas para sa pagpapahalaga ng panitikang Pilipino. (<http://www.gutenberg.ph>)

*** START OF THE PROJECT GUTENBERG EBOOK ANG MGA ANAK DALITA ***



ANG MGA ANÁK DÁLITA

(NOBELANG TAGALOG)

SINULAT NI

Patricio Mariano



UNANG PAGKALIMBAG

MAYNILA: 1911

Limbagan at Aklatan ni I.R. Morales
Liwasang Miranda, 11-13, Kiyapo.

ÍNDICE

	Pág.
I. Si Teta	7
II. Ang mag-iná	11
III. ¡Gumigiliw!	16
IV. Si Pedro	21
V. Paghabág ng puhunan	24
VI. Walang katubusan	27
VII. Isáng alamát ni Ata	29
VIII. ¡Pangarap!	32
IX. Dalawáng puso	35
X. Ang lihim ni Ata	40
XI. Ang yaman at ang puri	47
XII. Ang m̃ga manggagawa	53
XIII. Sa haráp at sa likód	56
XIV. Ang puso ng dukha	60
XI. Patawad	65
XVI. ¡Paalam!	68
XVII. Katapusan	71

Sa mañga binibining manggagawa.

*Sa inyóng may mura at mahinang bisig
na maghaponng araw, sa sipag, ay gamit,
sa inyó ko handóg yaring aking awit,
bilang paghaña ko sa pagmamasákit
na inyóng itanggól, sa tulong ng pawis,
ang sariling búhay at tagláy na linis.*

PAT. MARIANO.

Sa bábasa.

Kaibigan ka man ó di kapanalig,
kasuyo ó hindi, kaaway ó kabig,
di ko hinihiñing huwag mong isulit,
sa akin, ang pula na ibig ikapit.

Di ko mawiwikang ipagpaumanhín
ang mali ó lisyá na iyong mápansín,
sabihin mong lahát ang ibig bangitín;
may kalayaan ka, di ko sinisiíl.

Di akó gagaya sa ibáng katulad
na hihiñing awa ó ipahahayag

na kutád ang isip at bubót ang hagap;
kapós palá'y ¿bakit nanghás sumulat?

Kaya n̄ga't antáy ko ang iyong pasiya
yamang ikáw'y siyang susuri't lalasa;
n̄guni't ang hilíng ko'y *pintas pantas* sana
ang iyong gamitin sa m̄ga mábasa.

Di ikasásama nitóng kalooban,
pintasán man itó, n̄guni't tama lamang;
ang dáramdamín ko'y ikáw ang wikaang:
mangmáng palá'y ibig magdunóng-dunun̄gan.

Kaya n̄ga't bago ka magsabi n̄g hatol
ay magnilay muna, gamitin ang dunong
(kung matalino ka) at saká ipatong
ang wíwikain mong di na mahahabol.

Dapwa't, kung sakali, namáng, ang mangyari'y
dúdulutan akó n̄g iyóng papuri,.....
¡Maraming salamat! (maraming marami)
n̄guni't nilayin din na lubhang mabuti.

Pagka't ang *tawa* man, kapág nábulalás
ay hindi na *tawa* kung hindi halakhák;
labis na puri'y, karaniwang banság,
kung minsan ay *tuya't* kung minsan ay *libák.*

ANG KUMATHA.



Páhiná 7

Ang mañga anak dálita.

I.

SI TETA.

Sa isáng tahanang lubhang marálita
na áalangán pa sa pan̄galang dampa'y
may isáng babaing yayát at matandá
na wari'y may sakít, kaya't nakahiga.

Sa kaniyang siping, na abót n̄g kamáy,
ay may isáng mangkók na lugaw ang lamán
at sa dakong paa'y mayroong uupán
na wari'y gawa pa n̄g amáng si Adán.

Ang tan̄ging kasama n̄g sangkáp na itó
ay isáng tampipi't isáng *baul mundo*,
isáng panahian, kaputol na kayo
at ilang balumbón n̄g sutlang naguló.

Ang lahát n̄g iyo'y siyáng kayamanan
niyóng maralita't babaing may damdám
kung di mápupuná ang isáng larawan
n̄g himalang gandá na nasa batalán.

Isáng binibining ang tindíg at anyo,
ay nakaákay sa gawang sumuyo
at ang kanyáng titig na lubhang maamo
ay makabibihag sa alín mang puso.

Yaóng m̄ga pispis, na nagnakaw mandín
n̄g kulay sa *rosa't* sa magandang *jazmin*,
ay natítimban̄gán n̄g matáng maitím
na wari'y hahalay sa m̄ga bituín.

Páhiná 8

Ang isáng makapál at mahabang buhók
na nábabalumbón sa malakíng pusód
ay inalong dagat ang nákaayos
dahilán sa inam n̄ pagkakakulót.

Itó ang himalang hindi nábibilang
sa m̄gá nákita na hiyas sa bahay,
kahit masasabing sa kahalagahan
ay siya ang lalong palamuting mahál.

Lalo't kung mabatíd na siya ang anák
n̄ babaing iyong sa sakít ay lagmák,
at siya ang isáng tanġing naghahanap
at nagmamasakit sa buhay na salát.

Siya ang paroon, siya ang parito,
gawa niya yaón, gawá niya itó,
sa maghapon araw, ang mahinang butó,
ay di natitigil n̄ kahit gaano.

At sa dinádaláng sadyáng kaliksiha'y
kasangkáp na tagláy iyóng kabaitan,
kaya't kahit sinong magíng kapanayám,
ay nanġawiwili na siya'y pakingán.

Sa unang sandaling ating pagkákita
ay damít ang pigil at siya'y naglabá
at nang makatapos, tinignán ang iná
kung sa pagkáhiga ay nakabanġon na.

Nġuni't nang inabot ang ináng may sakít
ay di kumikilos sa hihigáng baníg,
kaya't tinulunġan, sa gawang pagtindíg,
upang ang pagkain ay huwag lumamíg.

Kanyáng iniupo ang ináng may damdám,
at saká kinuha ang laang linugaw;
—Kumain ka iná—ang wikang tinuran—
n̄ upáng lumakás ang iyong katawán.

—Ay giliw kong bunso—ang sa ináng turing—
kung tayo'y mayaman, di mo sasapitin
ang hirap na itóng wari'y sapínsapín
na nagpapasasang sa ati'y umiríng.

Kundi bagá gayó'y akóng isáng iná
na dapat tumulong ay nakadagdág pa
sa m̄gá gáwaing iyong dinádalá,
sa paghahagiláp niyong kakanin ta?

Ang tao n̄gá palá, sa mundóng ibabaw,
ay dapat mag-impók n̄ ukol sa buhay,
pagka't kung humina'y walang pagkukunan ...
"ang hindi nagbaló'y walang tatanġaran".

At pag sumapit na sa panahóng salát
ay walang sulinġang dapat maapuhap
at ang nálalabíng kaya niyong palad
ay ang maghinagpís, tumanġis, umiyak.

Gaya na n̄gá nitóng sa ati'y sumapit,
salát na salát na, akó pa'y may sakít,
at ang kahinaan niyang iyong bisig
na murang mura pa'y siyang kinakatig.

Ikáw, sa maghapo'y walang hintong gawa
at di dumadaíng kahit ka na pata
¿sinong pusong iná ang di maáawa
sa isáng gaya mong labis mag-aruga?

—Aanhín mo iná, sa tayo'y mahirap,
—ang maamong sabi n̄ giliw na anák—
nġuni kahit tayo madalás magsalát
ay wala sa atin namáng isusumbát.

Ang tanġi ko lamang ikinalulumbáy
ay ang di paggalíng n̄ sakít mo ináng;

kung sa ganáng akin salát ó mayaman
pag nasa piling mo'y ligaya ñg tunay.

¿Aanhín ang buhay na lubhang pasasa
kundi mákikita ang iná kong mutya?
¿aanhín ang laging walang ginagawa
kung ikáw iná ko'y dí kinákalinga?

Mahanġa'y ganitóng laging nasasalát
at sa bawa't kilos kitá'y nayayakap;
ang yaman, sa akin, ay hindi ang pilak
kundi ang matamís na iyong pagliyang.

Mawika ang gayón, sa noo'y hinagkán
at saka niyakap ang ináng magulang;
—Itó ang yaman ko—ang muling tinuran—
at itó ang tanġing aking kasayahan.

Matapos masunód ang nasang paghalík,
isinakandungán ang ináng may sakit.
¡Oh! gayón na lamang ang bukong pag-ibig
at gayón na lamang ang likás na baít.



II.

ANG MAG-INÁ.

¡Giliw ñg pag-giliw! Kung ang pagmamahál
ay ipagagawa ñg sadyang larawan,
ang anyo at umpók at ayos na lagáy
ñg ating mag-iná, ang dapat huwarán.

Mapalad ang dukha na sa kasalatá'y
may kumakalinġa't dibdíb na hiligán,
sapagka't ang gayóng laging kalayawa'y
hindi mábibilí ñg gano mang yaman.

¡Ilán ang may pilak na sa karamdaman
ay wala mang sukat tuminġí't dumamay!
sakaling mayroon, iyón ay upahán,
¡upaháng pagsuyo'y walang kabuluhán!

Sandali'y lumipas sa pagayóng anyo't
nang nasiyahan na ang sabík na puso,

iná'y pinakain, ñ irog na bunso,
sa tulong ñ iláng maliit na subo.

Datapwa't sa bagsík niyong kasawiá'y
kumilos ang iná't tasa'y tinamaán
at ang nálabíng kaunting linugaw
ay tumapong lahát sa silong ñ bahay:

Sa gayóng nangyari, kapuwa nagitlá
ang dalagang hirang at salantang iná,
itó'y sa dahiláng nababatid niya
na sa kinásidlá'y walang nátitira.

At walang kakanin ang anák na mahál
pagka't walang bigás ó kusíng man lamang
na sukat ibilí ñ ikabubuhay
na mailuluto hanggáng sa hapunan.

Si Tetay, gayon dín, pinasukang hapís,
dahil sa nátaon ang lugaw sa sahióg,
gayóng wala siyang ibibilí, kahit,
ñ sapát man lamang sa ináng may sakít.

Datapwa't gayón ma'y di nagpahalata,
sa kanyáng kandunġan, iná'y ibinaba,
dinampót ang mangkók, pinahid ang basa,
at waring lálabas, tunġo'y sa kusina.

—Mag antáy ka muna at aking kukunin
ang nátirang lugaw—ang wikang mahinhín—
—¿At kukunin mo pa?—ang sa ináng turing—
¿Kung gayón ay anó ang iyong kakanin?

Alám kong kagabi'y di ka naghapunan
at hanggáng sa ñgayó'y di nag-aagahan,
kundí pa kakain ñ pananghalian
¿anó ang daratnín ñ iyong katawán?

Hapo sa paggawa, kulang sa pagtulog,
ang sa sarili mo'y hindi inaayos,
kung ikáw'y mapata, ilayó ñ Dios,
¿sino ang sa akí'y titinġín ñ lubós?

Ang sagót ñ anák—Ay giliw kong iná,
kung sa ganang akí'y huwag mag-alala.
sapagka't sa kalá'y lubhang marami pa
na makakain ko kung matapos ka na.

—Anóng pagkagandang kasinunġalingġan!—
ang wika ñ iná sa anák na mahal—
oo't mayroon pa, sakaling balunġan
ang palyók na tuyó na nasa sa kalán.

Sa gayóng nádinġíg, si Teta'y nánġiti
pagka't batíd niyang ang iná'y di mali,
ñuni't ang hinala ni Ata'y pinawi
sa magandang sabing nakabibighani.

—Maniwala iná't tunay na mayroón
at di kailanġan ang siya'y bumalong,
kung sa ganáng akí'y di pa nagugutom
kanya't kukunin ko ang nátira doón.

Upáng sa sakít mo'y hindi makadagdág
iyang kakulanġán sa kakaning sapát
at kung may malabí, iyon na ay sukat
na itatagál ko sa maghapong singkád.

Masabi ang gayón, kalán ay tinunġo't
walang itinirá kahit isáng mumo,
ñuni't ñ makitang kaunting totoó
ang nakuha niya, ang puso'y nanglomó.

Pagka't magtipíd man ang kanyang maysakít,
ang gayóng karami'y kulang at di labis;
dito namighati ang masuyong dibdib
at luha'y tumulo sa lakí ñ sákít.

Papanong di siya lubhang magdaramdam
sa wala n̄g sukat dapat na asahang
makapagbibigay ó mauutanġan
n̄g ipamimilí sa kinabukasan.

Kaya't n̄g pumasok na dalá ang tasa
ay hindi napigil ang luha sa matá,
datapwa'y sa nasang ilihim sa iná
ay nagpakunwaring siya'y tumatawa.

Ang ina'y namangha sa nakitang anyo
n̄g bugtóng na anák at giliw na bunso:
waring nakanġiti, luha'y tumutulo,
bibig nakatawa't matá'y namumugto.

—¿Anó ka mayroon?—ang tanóng ni Ata—
¿anó't namumugto iyang mġa mata?
¿anó ang hapis mo, bakit di ibadyá?
—ang kay Tetang tugo'y—Walang bagay iná.

Naalala lamang na kungdi ihatid
yaríng aking tahing panyong maliliit
ay wala na tayong sukat ipangtawid
sa loob n̄g araw n̄g lingong sasapit.

Kaya't kung ibig mo, ináng ginigiliw,
ay maghinahon na't ikaw ay kumain,
n̄g upáng matapos ang aking tahii't
aking maihatíd sa n̄gayón n̄gayón din.

—Ikáw na anák ko ang siyang humigop
niyang nátitirang nakuha sa palyók
—ang wika n̄g ináng halos nalulunod
sa lakí n̄g dusang sa puso'y nagdoop.

Dito na nangyari ang pagpipilitán,
n̄g bugtóng na anák at sintáng magulang;
aayaw ang isá't ang isá ay ayaw,
na wari'y kapuwa busóg na n̄gang tunay.

Kahit mapag-aba't matigás na dibdíb
ang sa anyong iyo'y minsang makásilip
ay mahahabág di't pápasukang pilit
niyong pagkaawa sa mag-ináng ibig.

Pagka't ang kaniláng pagpapasunuran
ay buko n̄g isáng boong pagmamahál,
ang ibig ni Ata'y mabusóg si Tetay
at si Tetay namá'y ang kanyáng magulang.

¿Sino n̄ga bang iná ang makababatá
na hindi kumain ang anák na sintá?
n̄guni't sinong anák ang makakakaya
na makitang gutóm ang giliw na iná?

Kaya't ang nangyari, silá'y nagkásundo
na ang bawa't isá'y tig-iisang subo
doon sa nálabí na pagkaing luto
na kaunting lugaw ina may luhang halo!



III.

¡GUMIGILIW!

At n̄g makatapos, iná'y pinagyama't
saka iniupo sa sadyang luklukan
na kahit sira na'y mayroong hiligán
na nakasasaló sa dakong likurán.

At siya'y lumuklók sa dakong ibaba
upáng bigyang hanggá ang náhintong gawa,
nǵuni't anóng lakí nǵ tinamóng mangha
nang ang panahia'y kanyáng mausisa.

Sapagka't sa loob nǵ kanyáng tahiin
ay may nakatagong kaputol na *papel*
na hindi mabatíd kung saan nangaling,
kaya't itinanóng sa inang kapiling.

—¿Sino ang may dalá nǵ sulat na itó?
¿naparito bagá kanina si Pedro?—
—Oo—aní Ata—siyang nakita ko
na tanǵing gumaláw nǵ panahian mo.

At saka umalís na tila may lumbáy
sapagka't malungkót niyong magpaalam
at ang idinugtóng sa huling tinura'y
ang bábalík siya sa katanghalian.

Ang puso ni Tetay ay halos tumahíp
sa sabi ni Ata na kanyáng nadinǵig,
pagka't hindi niya lubós na maisip
ang pinanggalingan nǵ gayóng ligalig.

¿Anó't ginawa pa ang siya'y sulatan?
¿anó ang sa *papel*ay nápapalamán?
yaó'y talinghaga, kaya nǵa't binuksán,
upang mapagtanto ang lamán nǵ liham.

Dátapwa ... ¡Oh lanǵit! Di pa natatapos
sa kanyáng pagbasa, ang luha'y umagos,
at sabáy sa isáng matinding himutók,
mukha'y nápatunǵó't kamáy pinagduóp.

Si Ata'y nágulat sa gayong nákita
at biglang tinanóng ang anák na sintá.
—Ay iná kong giliw! Anáng pagkapaklá
nitóng kapalarang aking dinadalá!

Akó, inang irog, ay lubhang mapalad
sa gitna nǵ ating madlang paghihirap
at yaring dibdíb ko'y lubós na panatag
at walang ligalig akóng mātatawag.

Datapwa't aywán ko, aywán ko kung bakit
at di ko mapigil ang paghihinagpís
dahil sa paglayong sa sulat sinambít
nǵ kapuwa bata't kalaro kong ibig.

Yaríng abáng puso'y nalulunod mandín
sa bayóng malakas nitóng paninimdim,
na sakasakali na tayo'y lisanin
ay baka hindi na muling mákapiling.

Aywán ko kung bakit, nǵuni't yaríng luha
ay di ko mapigil sa kanyáng pagbaha
at kung gunitaín ang bawa't salita
nǵ sulat na itó, akó'y nanglálata.

At diwang ang aking boong kaluluwa
ay nababalutan nǵ matinding dusa ...
¿anó kaya itó?—Iyan ay pagsintá—
ang panǵiting sagót nǵ giliw na iná.

—¡Oh! pagsintá itó?—Ang tanóng ni Tetay
na tutóp ang dibdíb nǵ dalawang kamáy,
—Oo, aking anák; iyang pagmamahál
na tinátagláy mo ay pagsintáng tunay.

Iyan ang larawan nǵ isáng paggiliw
na anák nǵ iyóng pagirog na lihim;
di mo natatanto pagka't nahihimbing,
sa kapayapaan, ang iyong panimdíng.

Nǵuni't nǵ magdamdám nǵ munting gambala,
gaya nǵ paglayong hindi inakala'y

sumilakbóng agád ang pamamayapa,
at nagpakilala sa sabík na nasa.

Iyan ang nangyari sa bata mong puso
na di nakabatíd n̄g iba pang suyo
liban sa malambíng at tapát na samo
nitóng iyong ináng matanda na't hapo.

Malaon nang lubhang aking naramdamán
ang inyóng matapát na pagsusuyuan,
n̄guni't di pinigil, bagkús binayaan
ang binhi n̄g inyóng sintáng tinatagláy.

Sapagka't alám kong totoong malinis
ang pagsusuyuang inyóng ginagamit ...
—Kung gayón, iná ko—ang kay Tetang sulit—
¿ang unang silakbó n̄g sintá'y pasakit?

Diyata't hindi na mangyaring mabatyág
ang lasáp n̄g sintá kungdi sa pahirap?
—Hindi namán gayón—ang sa ináng saad—
kung minsa'y ganyán n̄ga't kung minsa'y malunas:

Kung minsan, sa piling n̄g kapayapaa'y
núnuvál ang binhi n̄g pagmamahalan
at sa pagtatama n̄g dalawáng simpán,
ang muntíng sandali, ay nagiging tuláy.

Upang ang pagsuyong sabik sa pahayag
ay magpakilala sa irog at liyag
at ang puso namáng nagtimping maluwat
ay magpahalata n̄g kanyáng pagling̃ap.

Sapagka't ang sintá ay hawig sa puno
na ang binhi niya'y ang n̄galang pagsuyo
at pinakadilig, nang upáng lumago,
ay ang katamisan n̄g m̄ga pagsamo.

Kahit na maunlád ang kanyáng paglaki
ay di mahalata nang may daláng kasi,
kungdi matatangki't mapagmunimuni
na may ibáng nasa ang pusong sakbibi.

Nasáng náhahawig sa isáng gunita,
nasa na animo'y uhaw ang kamukha,
n̄guni't kung suriin ay mahahalata
na ibá ang ayos, at iba n̄gang sadya.

Sapagka't ang dating iyong pagmamahál
sa ibáng kilalá't m̄ga kaibigan
ay hindi rin iyon ang suyong bubukál
sa isáng pagsintá na bagong dinamdam.

Yaón ay taganás na pagmamasakit,
pagpapaumanhí't pakikikapatíd,
n̄guni't itóng isá'y damdaming matamís
na may panibugho't madlang pagtitiís.

Ang bawa't salita nitóng nan̄gun̄gusap,
sa díbdib ni Teta ay nagpapahirap,
pagka't unti unting kanyáng námamalas
na pawa n̄gang tunay ang sa ináng saad.

Kaya't, ang kaniyáng kamáy, pinagduop,
sa haráp n̄g iná'y biglang nápaluhód,
at sabáy sa luhang sa matá'y nanagos,
náwikang:—;Iná ko, akó'y umiirog!

Kung yaring hinagpís nitóng kaluluwa
at pagkabagabag n̄g damdaming dalá
ay tanda n̄g aking paggiliw sa kanyá....
;patawad, iná ko!... akó'y sumisintá!...

—Patawad! ¿at bakit?—ang kay Atang turing,
na lubhang masuyo, sa anák na giliw.
—Pagka't nagawa kong sa iyo'y maglihim
n̄g damdaming dalá n̄g puso't panimdím.



IV.

Páhiná 21

SI PEDRO.

Isáng manggagawa, ginoo ñ sipag,
mabikas ang tindíg, noo'y aliwalas,
di mayamang suot ay nagpapahayag,
na siya'y matalik na kawal ni "Hirap".

Ang magandáng tinģi'y nagpapahalata
ñ ugaling mahál, kahit marálita,
at ang kanyáng labi'y hindi nagbabala
ñ asal na ganid ñ mģa kuhila.

Itó ang binatang bigláng nakiluhód,
sa harap ni Atang nápagitlá halos,
na sabáy ang sabinģ:—Salamat, sa loob
na ipinatanaw sa aking pag-irog.

Ang ating dalaga'y nagulumihanan,
pagka't nákilalang silá'y náparingán
ninyong kapwa-batang kanyáng minámahál
at iniirog pa nang higít sa buhay.

Mukha'y itinunģo ñ ating dalaga
at ayaw isilay ang magandáng matá;
waring nahihya nang *ang lihim niya*
ay hindi na lihim sa tunay na sintá.

Ang ináng may sakít, na siyang matanda
na nakatataho ñ damdaming bata,
ay siyang sumagót ñ tugóng payapa
sa pamamagitan ñ ganitóng wika:

Páhiná 22

—Oo, tunay Pedro; ang iyong pag-ibig
ay malaon na ñang may sadyang kapalít
at kahit nangyaring malabis kong batíd
ay hindi humadláng, bagkus nanahimik.

Sapagka't alám kong ang iyong paggiliw
sa sintá kong Teta'y lubhang taimtím
at walang gabahid na ikadudusing
ñ tagláy na puring kanyáng inaangkín.

Batíd ko rin namáng sa isáng gaya mo
ay lubhang malayo ang ugaling lilo,
kaya't pinayagang ikáw ang magtamó
sa pusong malinis ñ sintáng anák ko.

Datapwa't ang tanģing aking dináramdám
ay ang lagáy naming lipos kasalatán
at wala na mandíng mábangít na yaman
liban na sa dagsa nitóng kahirapan.

—Iná ko, sukat na ¿yaman pa'y aanhín
kung isáng biyaya ang magiging akin?
at saka sa kulay ñ aking paggiliw
ay di náhahalo ang sa yamang ningning.

Akó'y inianák sa pagdadalita
at kámpón ni *Hirap* sapol pagkabata.
musmós pa man halos bísig ko'y pinata
at nagíng kawal na ñ haring *Paggawa*.

Ang tanģi ko lamang pinakahahanap
ay ang isáng pusong mayaman sa linģap
at ang pusong itó'y aking natatatap
na si Tetay lamang ang siyáng may inģat.

Datapwa'y gayón man, kahit aking batíd,
na, sa sarili ko, siya'y iniibig
ay hindi ginawang aking ipagsulit,
sa tunay na irog, ang lamán ñg̃ dibdíb.

At talagá sanang aking itatago
nang lubhang malalim sa loob ñg̃ puso,
at baka sakaling ang kanyáng pagsuyo
ay naidulot na sa ibáng sumamo.

At kungdi nangyaring akíng nápakingán
ang m̃ga salita ñg̃ irog kong Tetay,
salitang nagbukás niyong kalanġitán
sa palad kong aba, di sana nagsaysáy.

—Irog!... Sinunġaling!—ang wikang banayad
ñg̃ ating dalaga—kung akó ay liyag,
¿bakit mo nagawa ang lálayo't sukat,
gaya nang tinuran sa iyong sinulat?

—Iná naming irog; ikáw ang humilíng
sa anák mong sintáng akó'y patawarin.
—Pinatatawad ka, ñg̃uni't sásabihin
kung bakit náisip ang kamí'y lisanin.

Kayó'y manġagtindíg—ang wika ni Ata
sa ating binata't sa ating dalaga—
kayo'y magsiupo at saka ibadyá
ni Pedro ang sanhi ñg̃ pag-alís niya.



V.

PAGHABÁG NĢ PUHUNAN.

Matapos na silá'y makapag-upuan
sa papag na siráng ang paá ay kulang,
binuksán ni Pedro't agad sinimulán
ang sanhing nag-udyók ñg̃ kanyáng pagpanaw:

—Akó'y isáng bugtóng ni amá't ni iná
at batíd na ninyóng malaong ulila,
kaya ñga't nangyaring kahit hindi kaya
nitóng katawán ko, akó'y nagpaupá.

Gayón na ñga lamang ang isáng mahirap,
na walang mag-ampó't sukat na luminġap,
dapat ugaliin, ang butó, sa batak
kung ibig mabuhay at huwag masalát.

Bukód pa sa roon, ang taong may danġal
ay dapat batakin ang butó't magpagal,
at huwag mabuhay ñg̃ hambáhambalang
ó kaya'y umasa sa m̃ga sugalan.

Kahit may salapi't nakaririwasa
kung ang pamumuhay ay pagalagala
at di ginagamit ang butó sa GAWA,
ay tinatawag din namáng: *hampáslupa*.

Akó ay naglingkód, na bilang nag-aráw,
sa isáng gawaan ñg̃ di kababayan,
ñg̃uni't sa pagpasok ay may kasunduang
kung maraming gawa'y may upang katimbang.

Inihalál akóng magíng katiwala
sa isáng pulutóng niyóng manggagawa.
na kagaya ko ring pawang maralita
ñg̃uni't lalong salát sa kaya at haka.

¡Mgã abang tao! ¿anong sasapitin?
súsunód na lamang sa bawa't sabihin,
kung busabusaang animo alipin
ay wala nǵ kibó't mababa ang tinǵín.

Paano'y, ang mangmáng, kahi't may matuwid,
ay umíd ang dila at pipi ang bibig;
laging nanananǵan sa tuntuning lihís
na *kabaitan*, daw, *ang hindi pag-imík*.

Sa gayón nǵ gayó'y nákaugalian
nǵ nanǵanǵasiwa ang paglapastanǵan ...
waláng bigong kilos na hindi may tampál,
suntók, sikad, batok, sa munting magkulang.

¡O, gayón na lamang ang pag-alipusta
sa inuupahang mǵa maralita!
ibayo't ibayo ang dagdág sa gawa
at sa upa namán ay baba nǵ baba.

Datapwa't ang tao'y hindi makadaíng
pagka't natatakot na silá'y alisín,
dahil sa maraming kahit na gayonín
ay nakikiagáw, dahil sa kakanin.

Sa bawa't umalís na isáng pinasláng
ay sampu ang palít na nag-uunahán,
kahit na mababa ang upang ibigáy
ay tatangapín ding walang agam-agam.

Nakikita itó nǵ lilong mayama't
ikinatutuwa ang pagayóng asal
nǵ nagpapaupá, kaya't kadalasa'y
malaon mang lingkód ay di tinitingnán.

Sa munting magkulang ang kahi't na sino,
magíng matanda man ó kaya ay bago,
daglíng áalisin at tamád dikono
kahit na ang sanhi'y may sakít ang tao.

Ang ibig mangyari nǵ namumuhunan
ay ibaibayo ang tubong mákamtán,
dapwa't ang katulong na *puhunang pagál*
ay huwag magtamó nǵ milmá man lamang.

¿Paanong di gayón, ay hindi kabalát?
¿ang puhunang dayo ay walang paglinǵap..!
¿anó kung mamatáy tayo ritong laháat
yumaman lang silá't magbalón nǵ pilak?

¿Sa kanilá'y anó kung tayo'y masawi,
masasawi bagá ang kanilang lahi?
silá ay dayuha't dayo ang salapi,
kahit makaapí'y walang nǵiminǵimi.



VI.

HIRÁP ANG MAHIRAP.

Ang bagay na itó'y mapaglalaman
kung ang mangagawa'y manǵagtútulunǵán,
nǵuni't hindi gayó't bagkús ang irinǵa'y
siyang naghahari sa mǵa upahán.

Madalás, na, silá ang nanǵaguudyók
nǵ upáng ang ibá'y magtamóng pag-ayop;
silá, sa kasama, ang nanǵaglúlubóg
sa nasang maagaw ang sa ibáng sahod.

Ang pusong masakím (ng̃ sahól sa kaya)
ay walang dalahin kungdi ang mamansá
ng̃ madlang pagdusta sa galáw ng̃ ibá
yamang di mangyaring mapantayán niya.

Si Inggit, si Lihim, si Dimapagtapát
ay siyang sambahing laging náuunlák,
samantala namáng sa luha'y násadlák
si Damay, si Tulong, si Ampó't si Linġap.

Walang bigong kilos na hindi kaaway
niyong mangagawa ang kapwa upahán,
na mapagmapurít dila ang tangulang
ipinangtutulong sa namumuhunan.

Sa madaling sabi: di lamang ang lupít
ng̃ lilong salapi ang nakaiinís,
kung hindi sampu pa ng̃ ugaling ganid
ng̃ kaisang uring taksíl sa kapatid.

Kaya't matatawag na silá ang uway
na laging panggapos sa mġa kawayan;
silá ang kapatid, silá ang kakulay
at siláng silá rin ang nakamamatáy.

Mahalagá't tunay iyong sáwikaíng:
"hiráp ang mahirap sa anomang gawín;
hiráp sa harapán ng̃ umaalipin
at hiráp sa asal ng̃ kasamang taksíl".

Ang bagay na itó'y siyang nangyayari
sa pinapasuka't gawaan kong dati,
kaya't náisip kong makapagsarilí
ó masok sa ibáng hindi mapang-apí.

Sapagka't sa aking mġa kasamahán
ay wala ang budhing marunong dumamay,
silá silá na rin ang nag-iinisan
gayóng ang marapat ay ang magtulunġán.

Sa gayóng pahayag, si Ata'y sumagót
ng̃ payong maraha't salitang malambót,
na anyá'y:—Anák ko, huwag panibulos
sa bigláng sigabó ng̃ bata mong loob.

Kahit anóng gandá sa bigla mong tinġí'y
huwag na mabulag ang iyong damdamin,
hindi pawang ginto ang nanġagniningníng,
maná pa'y marami ang magíng kalaín.

«Maging anóng buti ng̃ hindi kilala'y
mahirap timbanġán kay sa kilala na»
iyong pag-usiging huwag kang mapara
sa isáng nangyari. Ikaw'y manainġa:

VII.

ISANG ALAMAT NI ATA.

«Sa isáng lupaíng lubhang maligaya
na tapát ng̃ lanġit na laging masayá'y
may Mutyang sumibol na tanġi sa gandá
at nakawiwili sa tuminġíng matá.

Kaya't ang sino mang sa kanyá'y lumapit
ay nabibighaning sumuyo't umibig
at walang matigás, ni bakal na dibdib,
na hindi naakay ng̃ tagláy na dikít.

Siya'y mapayapa at walang ligamgám,
puso'y náhihimbíng at laging tiwasáy,
walang ninanasa kungdi ang mabuhay
na lubhang malaya, sa katahimikan.

Maná isáng araw, na di iniisip,
siya'y linapitan n̄g Dulóng na ganid,
na tagláy ang nasa at tangkang magahís
ang yaman at gandá n̄g Mutyang marikít.

Datapwa't ang budhing hindi nanġanġalay
mag-iwi sa isáng boong kalayaan
ay hindi umayon, at sa kalakasan
n̄g Dulóng ay lakás ang ipinatanáw.

Ang mahinhíng asal ay bigláng pinawi,
sa n̄gipin ay n̄gipin ang itinungalí,
hanggáng sa mangyaring ang palalong budhi
n̄g manggagahasa'y nagbago n̄g uri.

Páhiná 30

Agad ikinanlóng ang n̄giping matalas
at n̄giting magiliw ang ipinamalas,
dinaan sa himok ang hindi pumayag
sa gahasang iwa't pakikipaglamas.

Giliw, suyo, luhog at madlang paraya
ang ipinatanáw sa mahinhíng Mutya
at itó namán ay agad namayapa,
nanalig na lubós, nagboong tiwala.

Tinangáp ang haing m̄ga panunuyo
at hindi n̄apuna ang handang panghibo,
agád nápalulong ang mahinhíng puso
at di inakalang yaó'y isáng silo.

Ipinaubaya sa madayang giliw
ang lamáng malinis n̄g boong panimdím;
sinunód na lahát ang bawa't máhilíng
niyong may tagláy na kataksilang lihim.

Sa gayó'y nagdaan ang isáng panahón
na lubhang panatag at walang lingatong,
hanggáng sa nákitang ang hayop na Dulóng
ay nagdating asál; nanila na tulóy.

Dito na nangyari ang kasakitsakit,
na ang dating laya ay siyang tumanġis
at iyong nanġako n̄g boong pag-ibig
ay siyang halimaw na nagpakaganid.

Daya, lupig, dahás ang namaibabaw
na siyang nápalít sa panuyong asal,
walang bigong-kilos na hindi paghalay,
kutya at pahirap na karumaldumal.

Hanggáng sa nagbanġon ang magandáng Mutya
at nagpanġarap na n̄g ikalalaya,
iniwan ang laging pagwawalangdiwa
at ang puting kamáy, sa dugo'y pinigta.

Páhiná 31

Nġunit nagkátaóng noó'y nagkagalít
ang masibang Dulóng at yaóng Limatik
at ang ating Mutya'y sa hulí humilig
dahil sa pag-asang hindi manglulupig.

Nakitulong siya, sa Limatik, noon,
dahil sa panġako nitóng pag-aampón,
dapwa'y nang magahís ang palalong Dulóng
ay lalo pang sákit ang kanyáng kinandong.

Sa madlang pag-asa'y pawang pag-hihirap
ang siyang nápalit: nagipít, nasalát,
ang impók na yama'y nasipsíp na lahát
niyong magdarayang may taksíl na hanġád.

Hanggáng dito yaóng buhay na malungkót
n̄g Mutyang magandáng di naghunos loob;
humanap n̄g ibá at ang nákadulóg
ay lalo pang ganid, lalo pang balakyót.»



VIII.

Páhiná 32

¡¡PANĜARAP!!

Masabi ang gayón ñǵ nagsasalaysay,
naghintong sandali,
at saka nagwikang lubhang malumanay:
—Huwag ding mangyaring iyong máparahan
ang buhay ñǵ Mutya na aking tinuran.

—Hindi po marahil;—sagót ñǵ binatá—
pagka't hahanapin
ang ikatatagpo ñǵ mǵa kapuwa
na hindi marunong mag-asal kuhila
at sa kasamahá'y magpapanǵanyaya.

Aking aakiting alisín ang asal
niláng mapagbukód,
at upang sa gayón ay aming makamtáng
mǵa mangagawa iyong katubusang
sa dating ugali'y hindi mahihintáy.

At hahanapin din ang mámumuhunán
na sa taong dukha
ay hindi marunong umapí't humalay;
aking hahanapin na mabigyáng danǵál
ang *puhunang pawis ñǵ puhunang yaman*.

Dahil sa di dapat na pamalagiin
ang ugaling itó
na walang halagá sa *salaping* sakím
ang pagod na gugol ñǵ matitiising
pusong manggagawa na inaalipin.

Páhiná 33

Salapi't Paggawa'y dapat na magtimbang sa
tamuhíng tubo ...
—¿At ikáw, anák ko,—ang tanóng ni Atang—
ang magpupumilit sa dakilang bagay
ang hindi nagawa ñǵ lalong maalam?....

—Aking pipiliti't kung hindi mákamit—
anang bagongtao—
ay di magsisisi, sa gugol na pawis;
ang panúnuntuná'y ang bugtóng na sulit
na: "akó'y tumupád sa ñǵalang maghasík".

Ñǵunít kung mabatíd ñǵ kahanapbuhay
ang sadyang halagá
ñǵ mǵa katulong ñǵ isang puhuna'y
di na mangyayari itóng kalagayan
naming mǵa dukhang wari'y kasangkapan;

Na kukunin lamang kapag gagamitin
at kung masira na'y
itatapontapo't titisúdtisurin,
kaya'y babayaan na iwan at datnín
ñǵ madlang sakuna't akbáy na hilahil.

At ang mǵa pagod, isip, pawis, puyat
na pawang ginugol
sa ikalalago ñǵ puhunang pilak
ay di magkaroon ñǵ timbáng na bayad
liban sa pag-apí at mǵa pahirap.

Aking hahanapin ang ikahahanǵo
ñǵ bayang masipag,
niyang manggagawang lagi nang siphayo

Páhiná 34

nǝ mǝa may yaman, upáng mapalago
ang ugaling banál nǝ di mapaglugso.

—Magandáng adhika!—ang putol ni Teta—
—Datapwa't panǝrap!—
ang saglít ni Atang walang paniwala—
iyá'y mangyayari kung dito'y mawala
ang pag-aagawán, inggita't pagpula.

Matapos ang gayóng mǝa salitaan
ang ating matanda'y
lumapit sa dating baníǝ na hihigan,
dalá palibhasa niyong kahinaan,
sa gawang maupo'y hindi makatagál.



IX.

Páhiná 35

DALAWANG PUSO.

Binata't dalaga'y kapuwa naiwan
na magkaagapay sa kináupán;
kapuwa tahimik, kapuwa alanǝán
at kapuwa mandín nagkakahiyaan,
gayóng magkalapit sa isáng luklukan.

Marahil, sa budhi'y kapuwa may tago
na ibig sabihin, nǝuni't di mátagpo
kung saan simulán ang usapang wasto
na ikatutunǝo at ikabubunggo.
sa ibig ihayag nǝ kaniláng puso.

Ang isá at isá'y diwa nag-aantáy
sa pagpapáuná niyong kaagapay;
ang isá at isá'y ibig na magsaysay,
datapwa'y pagsapit nǝ nasang máturen
sa kaniláng labi'y nǝinǝiti na lamang.

Hangáng sa nangyaring ang nǝiting palihím
nǝ ating binata'y kay Tetang náfansín ...
—Nǝuminǝiti ka pa—ang wikang mahinhín
na may magkahalong hinampó at giliw
at diwang ang sintá'y ibig pang sisihin.

—¿Bawal ba ang nǝiti?

—Oo, aking bawal
sa masamang tao.

—Kay dali ba namán
nǝ aking pagsama!! Kakahapon lamang
ay mabuti akó ... at nǝayóng málanan
na minámahál mo'y ... saka pa humalay?

—¿Bakit ka naglihim?

—Pagka't di ko batíd
kung may maántay ang aking pag-ibig,
at hindi ko nasang abutin ang sákit
na pagkamitín mo nǝ tugóng mapaít
na mayroon ka nang katipán sa dibdíb.

—Kung nagtapát ka ba'y di sana natanto
kung anó ang lamán nitóng aking puso ...
—¿At kung ang tamuhín ay ang pagkataho
na walang pag-asa ang aking pagsuyo ...
¿hindi lalo ko pang ikasisiphayo?

Hindi mo lang alám ang lakí nǝ sintá't
ang iniaalay sa isáng kalulwá ...
—¿Hindi ko alám? Bah!...

Páhiná 36

—Nguni't di kagaya
ng dináramdám ko, niyong di ko taya
na títimbanǵán mo ang giliw kong dalá.

Ang dibdíb ko niyó'y wari isáng dagat
na laging maalo't lubhang mabagabag,
nanǵanǵamba akóng sa iyo'y naagtapát
at ang tinátamó'y libolibong hirap
kung hindi mangyari ang pagpapahayag.

Sa tuwituwi nang akó'y paparito
ay handang handa nang magtapát sa iyo,
datapwa'y pagsapit, at mákausap mo,
ay walang wala na ang madlang simpán ko't
walang nalalabí kung di pagkalitó.

Páhiná 37

Kung nasa haráp mo ay piping mistula
ang nákakabagay ng labi ko't diwa,
nguni't kung wala ka'y sa lahát kong gawa'y
ang iyong larawan ang kasalamuha,
kasanggusangguni at laging gunita.

Kung gabíng malalim at di mákatulog,
magbabanǵon akó't maglílibotlibót ...
ang akala mo ba kitá'y nalilimot?...
sa bawa't sulinǵang lanǵit, daán, sulok,
ang iyong larawan ang nápapanood.

Kung máhimbing namán, sa sandalíng idlíp,
agád agád kitáng mápapanaginip
sa wari'y kausap: kung minsán ay galít
at kung minsán namá'y iyong iniibig ...
at ang boong suyo'y aking kinákamit.

Pag ang una'y siyang sa aki'y sumagi,
kung akó'y magising ... ¡kay laking pighati!
nguni't kung ang hulí'y lalong dalamhati
pagka't mákikitang sa isáng sandali....
ang aking ligaya ay biglang napawi.

Kaya't kung nangyaring di ko námalayan
ang tamís ng iyong bukong pagmamahál,
dinalá sana hanggáng sa libinǵan
ang lihim na sintáng aking tinatagláy....
—Kay sama mong tao!
—Inulit na namán!...

—Huwag kang magtangól! Kung iyong dinalá
hanǵang sa libinǵan ang lihim mong sintá,
¿di pinagtagláy mo ng dálita't dusa
itóng sumusuyó't abang kaluluwa
na, kahit di tanto'y, umiirog palá?...

Páhiná 38

Ikáw ay lalaki't iyong nababatíd
ang maraming anyo ng isáng pag-ibig,
nguni't ang gaya kong pusong matahimik
¿anó ang malay kong ang lamán ng dibdíb
ay isáng paggiliw na abót sa lanǵit?

¿Anó ang malay kong iyong agam-agam
sa maminsanminsáng hindi mo pagdalaw
ay kakulay palá niyong pagmamahál,
at ang pagnanasang mákita ko ikáw
ay isáng pagsintá't pag-irog na tunay?...

Kung takíp-silim na't di ka dumádatíng
ang matá ko'y litó at pasulingsuling;
itinátanóng ko sa sariling akin
kung nasa saan ka, datapwa'y malalim
na buntónghininǵa ang madalás kamtín.

Kung nápupuná kong ikáw ay may sákit
dahil sa mukha mong may larawang hapis,
diwa, ay nasa kong sa iyo'y iibís
ang gayóng pighati, na lason sa dibdíb,
danǵa't di mahilíng na iyong isulit.

Akó'y kasama mo sa iyong panğarap
ó kung nágigising akó ang kaharáp,
akó namáng itó, sa lahát nğ oras,
ay walang adhika kung di ang matatap
kung may sayá ka ó kaya'y may hirap.

Sa gabíng pagtulog ay nágugulantáng
pagka't, sa wari ko, kitá'y kaagapay;
kung may ginágawa, ay gayón din namán,
sa bawa't lagitlít akala ko'y ikáw
ang siyang lalapit sa aking likurán.

Ibig kong mangyaring ang lahát mong lihim
ay aking matanto, tuguná't damdamín;
nğuni't kung sumagi sa aking panimdim
na baka sakaling ikáw ay may giliw ...
akó'y nagdurusa't puso'y nalalagím.

Ang lubhang madalás, kung akó'y magdasál
at sa Poong Dios ay nanánawagan,
aking nápupunáng hindi dumadatál
ang dalanğing handóg sa ating Maykapál
pagka't ikáw'y siyang dinádalánjan.

Ang lahát nğ iyon ay hindi ko batíd
na larawan palá nğ isáng pag-ibig,
kung di ka sumulat at ipinagsulit
sa akin, ni iná, ang lamán nğ dibdíb....
¿di akó'y nátirá sa gawang magtipíd?

¿Di sa pagtanğis ko sa iyong paglayo
ay di mababatíd na iyó'y pagsuyo?
¿di nangyari sanang ang aba kong puso
ay pinagdusa mo't ipinasiphayo
gayóng walang sala namáng natatanto?

—Patawad Tetay ko! Akin nğa ang sala
kaya't inaantáy ang iyong parusa....
—Kay buti-buti mo; ¿parusahan kitá!
¿di pinasakitan ang akin ding sintá,
sákit mo't sákit ko'y hindi ba iisá—

Ang lanğit ma'y hindi magandang panğarap
at yaó'y sadlakan nğ lahát nğ lunas
ay hindi titimbáng sa tinamóng galák
nğ puso ni Pedro, dahil sa pahayag
nğ kaniyang sintáng pinakaliliyag.



X.

ANG LIHIM NI ATA.

Malaonlaón pa bago nahanganán
ang gayóng kasaráp na pag-uusapan,
hangáng sa natapos ang tahi ni Tetay
at siya'y nagbihis
nang upang madalá sa paghahatirán
at kanyáng masinğíl
ang ipamimili nğ ikabubuhay.

Kanyáng pinagyaman ang gawang tahii't
kay Pedro'y hininği ang siya'y hintaín
upang may magbantáy sa ináng náhimbíng
sa pagkakatulog;
at nang may luminğap at sukat tuminğín
(samantalang wala)
sa kanyáng may sákit, sakaling mágisáng.

Si Pedro'y naiwa't (Si Tetay sumaglít,
na, sa isáng kamáy, ang baluta'y kípkip)
nǎuni't di naglao't si Ata'y nagtindíg
sa kinahihigán,
pagka't hindi tulóg, gaya nǎ sinambít
nǎ anák na giliw,
at inantáy lamang na itó'y umalís.



**Binata't dalaga'y kapuwa naiwan
na magkaagapay sa kinauupan;
kapuwa tahimik, kapuwa alanǎn
at kapuwa mandin nagkakahiyaan,
gayóng magkalapít sa isáng luklukan.—(Pág. 35)**

Kaniyang tinikís na silá'y lisanin
upáng mákausap ang binata natin,
dahil sa mula pa nang kanyáng malining
ang pagsisintahan
nǎ dalawáng pusong pinakagigiliw
ay ibig na niyang
ihayág ang isáng mahalagáng lihim.

Nagbalík sa dating kaniyang luklukan
at ang bagongtao'y pinakiusapang
duminǎng sandali sa madlang tuturan
na ukol sa lihim
niyong maralita't dukhang kabuhayan
niláng mag-iiná;
bagay na di taho nǎ taong sino man.

—«Ang bálóng si Ata, ang ulilang Teta,
ang babaing hapo, ang magandang bata,
dalawáng mag-ináng mananahi kapwa;
itó lang ang laging
tanǎng kasagutang kakamtín sa bala
mong mapagtanunǎng
kapit-bahay namin.—ang kay Atang wika.—

Datapwa't sino ma'y di nakababatíd
kung saan nangaling nang dito'y sumapit,
at kung anóng bagay ang siyang pumilít
na dito'y tumahán,

at kung anóng buhay na kasakitsakit
ang aming dinaán
kung kaya nangyaring sa dusa'y nagtiís.

Ikáw na kapwa ri't ulilang hinabág
nǎ palalong yamang *sukál sa mahirap*,
ikáw na malapit mákaisáng palad
ni Teta kong sintá'y
dapat makabatíd kung saan nagbuhat
ang ginigiliw mo;
kung siya ay anó't kung kanino anák:

Páhiná 42

Akó'y isáng bukong kinandóng nǎ sanǎ
sa gitna nǎ madlang ulayaw at sintá;
walang agam-agam, ang puso'y masayá,
walang munting kilos
na hindi kaulóng ang madlang ligaya,
ang madlang paglinǎp
nǎ amáng masuyo't mǎ kakilala.

Datapwa'y sumapit sa giliw kong bayan
ang isáng binatang anák nǎ mayaman
at doo'y tumirá upang magparaan
nǎ iláng panahón
sa gawang manǎso't mǎ paglilibáng,
dalá palibhasa
na di kailanǎn ang maghanap buhay.

Siya ay bihasá't ugaling Maynila,
makiyas ang tindíg, mabikas magwika,
walang isáng bangít nǎ pananalita
na malulusután
nang isáng tukuyi't handugán nǎ nasa
sa nǎlang pagsintáng
animo'y larawan nǎ boong adhika.

¿Anó ang dadatnín nǎ bata kong puso
sa gayóng katamís na mǎ pagsamo?...
akó'y nápalulong sa gawang sumuyo
at sa bisig niya'y
linagók ang tamís nǎ madlang panǎko
na di maglililo....
at di babayaang akó'y masiphayo.

Hangáng sa sumapit ang isáng panahóng
ang punlang pagsintá namí'y nagkausbóng
at akó'y iniwang sakbibi at kalong
nǎ mǎ panǎmbá:
lipós agam agam, kipkíp nǎ lingatong,
balót kahihiyán
sa madlang kilalá't sa amáng may ampón.

Páhiná 43

Nápalaot akó sa maraming hirap,
sa bawa't sandali puso'y alapaap,
wari sa sarili'y batíd na nǎ lahát
ang kalagayan ko,
at ang aking lihim ay bantóg at kalát
sa boong bayanáng
handá sa pagkutya't diladilang libák.

Ang pakikisama't pakikipanayám
sa kasuyosuyong mǎ kaibigan
ay napawing lahát, aking iniwasan
sampung makiulóng
sa mǎ kaanak at madlang pininsan,
dahil sa takot ko,
na baka matanto yaóng kalagayan.

Sa gayón nǎ gayón, araw ay dumatíng
na di na magawang itago ang lihim,
at sa pagkatakot sa amá kong giliw,
akó ay nagtanan;
dinalá ang munting hiyas at dámitin
upang mahanap ko
ang pinagsanglaán nǎ puri't panimdím.

Aking pinagsadya nang upáng isamo
na kanyáng linġapin ang sariling dugo,
ang bunġang malusog nġ aming pagsuyo,
nġuni't ... ¡ay nġ palad!
nang mátagpuán ko ang giliw nġ puso
ay walang tinamó
kung di ang pagdusta't madlang pagsiphayo:

Páhiná 44

Akó'y itinabóy sa kanyáng tahanan
at pinagkamít pa nġ wikang mahalay.
na, umanó'y, iyong bunġang tinátagláy,
ay hindi kaniya,
at akó'y babaing walang karanġalan,
pagka't sa bala na
ay nakilaguyo't nakipagsintahan.

Kahit isáng mundó ang biglang bumagsák
ay di nakatulíg, sa akin, ang lagpák
nang kagaya niyong salitang masakláp
sa karanġalan ko;
akó'y bumulagta't ang diwa'y tumakas;
nġuni't nang magbalík
yaong pagkatao'y wala na ang sukáb.

Tinulunġan akó sa gawang magtindíg
nġ isáng utusáng may tagláy na tubig,
at saka nang akó ... ¡sa laki nġ hapis!
ay namimighati,
sinabi sa aking dapat nang umalís
at doon ay walang
magpapahalagá sa pinag-uusig.

At sabáy sa gayóng wikang walang tuós,
pitong lilimahing pawang gintóng pulós
ang ibiníbigay at iniábót
sa akin ... Bathala!...
yaón ang halagáng sa akin ay limós
niyong walang budhing
nag-abóy sa palad na kalunoslunos.

Matá ko'y nagdilím; hindi napaghaka
na ang kaharáp ko ay isáng alila,
aking sinungabán ang salaping handa't
saka inihagis
sa harapan niyóng taong alibugha,
na sabáy ang sabing:
akó'y di babaing walang puri't hiya.

Páhiná 45

Magmula na noon, akó ay naghanap.
upang ipaglaban ang buhay na salát;
akó ay nanahi hangáng sa nanġanák
at ang sintáng bunso,
na nġayó'y tangulan sa madla kong hirap,
ay nagíng tao na
at siya'y nagtanáw nġ unang liwanag.

Kaya't iyang bukong iyong linalanġit
ay anák nġ isáng mayamang malupít
at itóng kaharáp ay isáng nagkamít
nġ nġalang buhaghág,
pagka't di nagawang ang puri'y iligpít
at naipaglaban
sa gahasang udyók nġ isáng pag-ibig.

Nġayóng talós mo na ang lihim nġ buhay
nitóng pinara mong tunay na magulang
at nġayóng talós din ang pinanggalinġan
ni Teta mong sintá,
ikáw ang magsabi, kung ang pagmamahál
na tinátagláy mo'y
marapat ó hindi magbago nġ kulay.»

Sa gayóng tinuran, si Pedro'y nagwika,
na tutóp ang dibdíb—Danġa't magagawa
na pagibayuhin ang sintáng alaga,
dapat pong alamíng,

dinagdagán sana, pagka't naunawa
ang inyóng tiniís
sa laláng nǎ isáng lalaking kuhila.

¿Sino ang may sala: ang pusong naghandóg
nǎ isáng matapát at boong pag-irog
ó ang nagkuhila, dumaya't umayop
sa nagkatiwala?
Kung sa ganáng akin, ang dapat mahulog
sa lusak nǎ kutya'y
ang sa kanyáng dugo'y natutong lumimot.

—Salamat, anák ko,—ang putol ni Atang—
at di ka kagaya nǎ ibang isipan;
magíng awa, kahit, ang iyong tinuran
ay nagpapahayag
na sa iyong piling ay di sisilayan
ang giliw kong bunso
nǎ isáng pagdusta sa pinanggalingán.



XI.

ANG YAMAN AT ANG PURI.

Isang bagong Creso kung sa kayamanan
at isang Atila sa kaugalian,
isang Carlo-Magno sa nauutusan
at Cingong alipin sa pinápasukan.

Walang karanǎalang di nasa kaniya,
ang lahát ay daíg, sa mǎa pamansá,
walang linilínǎap na katwirang ibá
liban sa katwiran nǎ kanyáng bituka.

Wikang kababayan, ay isang salita
na ang kahulugán, sa kanyá, ay bula;
¿kalahi, ay anó? ¿anó kung madusta
may salapi lamang na sukat mápala?

Sa loob nǎ bahay na pinápasukang
gawaang tabako'y walang pakundanǎan
sa mǎa mahirap na nanǎag-aaráw
na kung pagmuraín ay gayón na lamang.

Nǎuni't kung sa haráp nǎ namumuhunan
ay piping mistula at mababang asal,
sumagót pa'y waring binibining banál
na hindi marunong magtaás nǎ tanáw.

Itó ang ginoong sa dukha ay hari
datapwa'y alipin niyóng may salapi,
at siya rin namán ang taong mayari
nǎ mǎa gawaing kay Teta'y patahi.

Siya'y, nagpagawa sa ating dalaga
nǎuni't hindi dahil kailanǎan niya,
kung hindi sapagka't ang tagláy na gandá
niyong binibini'y kanyáng pinipita.

Yao'y isáng silo, laláng at pakana
upang maihayag ang tagláy na nasa,
ang nasang mahalay na palaging gawa
sa mǎa dalagang kanyáng manggagawa.

Kaya't nang mákitang si Teta'y dumating
na dalá sa kamáy ang mǎa tahiin
ay agad iniwan ang mǎa kapiling

na mġa upaháng sa kanyá'y nádaíng.

At biglang tinapos ang kaniláng usap sa wikang gahasa na lubhang matigás: —Kung hindi sang-ayon—aniya—sa awás sa upa, ay dapat na kayó'y lumayas.

At ang kakulangán ninyóng inuusig ay di mangyayaring bayaran pa, kahit magsakdál. Sulong na, at baka mag init pa ang aking ulo, kayó'y máhagupít.

Masabi ang gayón, ay agád iniwan ang mġa kapulong na kanyáng upahán, at saka tinunġo ang kinalalagyán nġ ating dalagang di lubhang nag-antáy.

Datapwa'y hindi man nakuhang minasíd ang pagkakayari nġ pagawang damít, agád inialók ang kanyáng pag-ibig na wari ay batang matakaw at sabík.

Sa wikang malambót ay inisáísá ang maraming yamang ihahandóg niya —Tanggapín mo lamang inéng yaring sintá'y di na kailanġan ang maghanap ka pa,

—Mahál na ginoo—anáng binibini— nagkámali ka po sa hain mong kasi, akó'y maralita't walang yamang iwi, nġuni't di marunong magbilí nġ puri.

Ang pag-ibig ko po'y di siyang dahilán kung kaya nárito sa iyong harapán, akó'y náparito nġ upang mákamtán, ang sapát na upa sa gawa kong tagláy.

Ipagpatawad po kung di ko matanggáp ang inihahain na iyong pagliyang, may kapantáy ka po, ikáw ay humanap, at huwag habagín ang gaya kong hamak.

—Oo't mangyayari ang iyong tinuran na akó'y humanap nġ aking kapantáy kung hindi nġa sana, ang nálalarawan, dini sa puso ko'y larawan mo Tetay.

Iyong pag-isipin: ikáw ay magandá, sa iyo'y di bagay ang maghirap ka pa; nġuni't kung tanggapín ang aking pagsintá ay masusunód mo ang lahat nġ pita.

